
tandem®
Partners in Early Learning




# Gabay sa Aktibidad ng Kuwentuhan

*Nasaan ang Pusod ni Baby?*
*(Where is Baby's Belly Button?)*
Isinulat at Ginuhit ni Karen Katz

Nasaan ang mga kamay ni Baby? Nasaan ang mga mata ni Baby? Maglalaro ang mga sanggol sa isang masaya at interaktibo na aklat na iangat-ang-flap na magugustuhan ng iyong sanggol!

## Alam mo ba?

Ang meron malawak na bokabularyo ay makatutulong sa mga bata na maipalinawang ang sarili nila, at madaling matuto ng bagong salita at bagong mga konsepto. Kaya mong mapaunlad ang **kasanayan sa bokabularyo** sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa mga bagong salita na makikita sa *Where is Baby's Belly Button?* mag-ensayo na sabihin ng malakas ang salita at tingnan kung meron kang alaala o karanasan na kaugnay ng bagong salita!

## Pag-usapan Ito!

Kahit na ang mga sanggol at mga paslit pa ay hindi pa kayang sumagot sa mga tanong, sila ay natuto habang napapakinggan kayong magsalita. Kung nagtanong ka at sinagot mo rin ito, natutulungan mo ang iyong anak na matuto ng wika!

- Nasaan ang iyong pusod? Kaya mong ituro ito? At iyong mga mata? At ang iyong mga maliit na paa?
- Kaya mo bang ilagay ang laruang hayop sa likod ng pintuan? At ang mga sapatos sa ilalim ng silya?
- Ngayon sabihin mo sa akin. Nasaan ang paborito mong aklat? Sann ko ilalagay itong teddy bear?

## Maglaro: Taguan

Maglaro ng taguan kasama ang laruang hayop o ibang laruan. Habang naglalaro, kausapin ang iyong anak tungkol sa mga pook na kung saan ka naghahanap.

Halimbawa, sabihin mo: "Nasaan ang oso? Nasa likuran ka ba ng kurtina? Hindi... nasa ilalim ng kama? Hindi... Dito! Sa likod ng sofa!"

## Maghanap Pa Sa Onlayn

I-scan itong QR code para sa mga rekomendadong libro, mga gabay na aktibidad sa onlayn, at iba pang pagkukunan na masasaya.

qrco.de/BabysBellyButton

tandem® Partners in Early Learning

# Likhain!

Ang iangat-ang-flap na mga aklat ay hinihikayat na makipag-interakto ang mga bata at matuto sa paghawak ng aklat at iunlad ang kasanayan sa paggamit ng mga kamay at mahusay ito sa  panghuhula. Pasiglahin ang mga simpleng mga aklat at dagdagan ng flap sa mga pahina.

## Kailanganing materyales:

- Mga aklat na simple lang ang mga litrato
- Pyeltro o cardstock na papel o papel
- Pandikit

1. Gupitin ang pirasong pyeltro o papel na tama ang laki para matakpan ang mga nakaguhit sa aklat.




2. Idikit ang flap sa pahina. Siguraduhin na maglagay ng makapal na pandikit upang hindi mapunit ng maliliit na kamay. Kung gagamit ng pyeltro, maari gumamit ng mainit na glue gun para lalong dumikit.



3. Magtanong at makipag-usap habang tinitingnan mo ang aklat. Halimbawa, sabihin mo: “Nasaan ang dilaw na submarine!” “Ayun siya! Nahanap mo ang dilaw na submarine!” Ilarawan mo ang litrato ng salitang pandagdag sa bokabularyo. Halimbawa, sabihin mo: Ang dilaw na submarine ay meron itim na polka dot. Ang submarine ay pumupunta sa karagatan.”






4. Maari mong gamitin ang mga flap upang mag isip kritikal sila. Sabihin mo: “Itong uri ng sasakyan ay pumapailalim sa tubig, sa palagay mo, ano ito? O di kaya “Itong uri ng sasakyan ay meron dalawang gulong; isipin mo kung ano kaya ito?” Tapos iangat ang flap at pag-usapan ang sasakyan na nakikita.